# Kabanata 1:
# FRANCESCA DIPASUPIL

PAGOD NA PAGOD na si Iska. 'Di niya na malaman kung saan pa kukunin ang hininga. Hindi gaya sa PE *class* nila na may *water break*, walang katapusan ang kaniyang pagtakbo. Ramdam niya ang pagod sa mga binti at ang sakit ng mga paa pero wala naman siyang *choice*, baka hindi na siya abutan ng bukas kapag tumigil siya. Huli siyang nakaramdam ng ganito noong *exam* nila sa Physics. Kulang na lang, kumawala na ang puso niya mula sa katawan sa lakas ng kabog nito.

Sa tabi niya, naaaninag niya ang kasamang tumakbo. Hindi niya ito mamukhaan. Tiningnan niya uli ito habang naghahabol ng hininga. Hindi niya kaklase ang kasama. Hindi rin ito ang *boyfriend* niya. Hindi rin niya *schoolmate*. Mas matangkad lang ito sa kaniya. *Mystery guy?*

Kasabay ng pagod at hingal, nakuha niya pang isipin ang kasama niya. Alam kaya nito kung saan magtatago? Alam kaya nito kung bakit sila tumatakbo? Sabay silang umiiwas sa mga sanga, ligaw na halaman, at sa putik na tila humahatak sa kanila pailalim ng lupa. Pero ni hindi man lang sila nagtitinginan. May mga dahon na ring maliliit na bumabagsak sa ulo nila. Dinig na dinig niya ang pagkapira-piraso ng mga tuyong dahon at sanga na natatapakan nila. Sa kabila nito, hindi pa rin niya alam kung saan siya papunta. Basta, ang alam niya lang, kailangan niyang tumakbo, kung hindi, lagot na.

Sa pagtakbo nila, laking-gulat ni Iska dahil sa paglukso nila sa ibabaw



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 50 11/20/2024 8:06:28 AM

ng isang punso, napunta sila sa isang panibagong lugar. Mabilis, gaya sa pag-klik ng kompyuter, nagbago ang paligid.

Kung kanina ay nasa isang maputik at makitid na daan sila, ngayon naman ay nakarating sila sa loob ng isang madilim na gubat. Tanging bilog na buwan lamang ang nagbibigay ng liwanag. Patuloy pa rin ang paghakbang nang mabilis ng mga paa ni Iska at ng kaniyang kasama. Hindi malinaw kung nasaan sila, pero ang alam niya ay hindi normal ang laki ng mga dahon ng puno na dinaraanan nila. Sigurado siyang hindi ito normal na puno sa bundok. Doble ang lapad ng mga dahon at ang kapal nito. Buhay na buhay ang kulay ng mga sanga. Malinis at hindi madilim ang kulay ng katawan ng mga punong nadadaanan nila.

Napahinto si Iska at ang kasama niya nang isang nakakatakot na hayop ang bumungad sa harap nila. Tila isa itong mabangis na aso na may malalaking pangil at namumulang mga mata. Isang hakbang lang niya, siguradong dadambahan siya nito.

Hindi nagtagal, lumabas pa ang mas maraming nakakatakot na nilalang sa harap nina Iska. Mayamaya, ang buwan na tanging nagbibigay ng liwanag sa kanila ay natakpan ng isang malaking nilalang. Anino lang ng mala-dragong nilalang ang nakita nila. Halos matakpan nito ang buong kalangitan. Tumingin sa magkabilang gilid si Iska, pero wala siyang magawa. Hindi na niya alam kung saan pa sila tatakbo. Mabuti na lang at nakita na nila ang dulo ng gubat.

"Iska! Iska!"

Narinig ni Iska ang tumatawag sa pangalan niya.

"Iska! Iska!"

Hindi malaman ni Iska kung saan nagmumula ang boses na ito, pero nabigla siya nang maramdamang may yumuyugyog sa mga balikat niya.

Nang maimulat ni Iska ang kaniyang mga mata, nakita niyang nasa loob pala siya ng *school clinic*. Puti lahat ng nasa paligid. Nakakasilaw ang ilaw. Naroon ang napakaputing kurtina na siyang naghihiwalay sa kaniya mula sa iba pang estudyante na pasyente rin sa *clinic*. Iba ang amoy ng *clinic*. Naghahalo ang *air freshener* na amoy bamboo ang *scent* at ang amoy ng *ointment* sa sentido niya.

Bumungad sa kaniya ang mukha ni Joshua at ang mukha ng kanilang school nurse. May dala bang *magic* ang mukha ni Joshua? Pakiramdam ni Iska, nawala agad lahat ng pagod niya mula sa panaginip. Ilang beses na niyang napapanaginipang hinahabol siya at tuwing gigising siya, pakiramdam niya, pagod na pagod rin siya.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 51 11/20/2024 8:06:28 AM

Ilang minuto pa siyang inobserbahan ng nurse. Paulit-ulit pa itong tumingin sa relo na akala mo ay naiinip. Inalis pa nito ang *thermometer* sa kili-kili ni Iska bago nagdesisyon na okay na ito.

Nang bumuti-buti na ang kalagayan ni Iska, binigyan na siya ng *clinic pass* nito. Kailangan niya lang itong ibigay sa *adviser* niya bilang patunay na hindi siya *nag-cutting class* at sa *clinic* talaga siya galing.

Inalalayan siya ng *school nurse* tumayo, at pinayagang bumalik sa *classroom*. Naamoy niya muli ang *ointment* sa kaniyang sentido. Ang huli niyang naalala, pumunta siya ng *clinic* habang naghihintay sa *classroom* dahil sobrang sakit ng ulo niya. Mainit din siya kaya naman pinagpahinga siya.

Para kay Iska, nagniningning pa rin ang mukha ni Joshua. Ang pahabang hugis ng mukha nito, at ang itim na itim na buhok ay ilan lang sa nagustuhan ni Iska sa kaniya. Tuwing nakikita niya ito, palagi niyang naaamoy ang matapang at panlalaki nitong pabango. Idagdag pa ang maaamong mga mata nito, pakiramdam ni Iska na siya ang pinakamasuwerteng babae sa *school* nila.

Inilapit ni Joshua ang mukha kay Iska. “Okay ka lang ba? Parang binabangungot ka kase.” Tila pinag-aralan ni Joshua ang mukha ng dalaga. Tinitingnan kung may gasgas o wala. Buti na lang nasalo niya agad ang dalaga nang mahimatay.

*Ang swerte ko talaga*. Ito na lang ang paulit-ulit na naiisip ng dalaga.

“Wala ’to. Baka puyat lang kakaisip sa ’yo,” kumindat si Iska pero kahit subukan niyang magpanggap na hindi masakit ang ulo niya, nararamdaman niya pa rin ito. Kaya pa naman niyang tiisin. Pakiramdam ni Iska, may mga panaginip siya na parang pauli-ulit niyang naiisip.

Sabay bumalik sina Iska at Joshua ng *classroom*. Kinikilig si Iska na magkasabay silang maglakad papuntang *classroom*. Excited na rin siya sa monthsary nila.

Wala na silang klase ngayon. Nagkataon lang na pinapunta sila ng *school* upang kunin ang toga na gagamitin nila sa *graduation*. Naitawid niya rin, sa wakas, ang *junior high school*.

Sa paglalakad, hindi maiwasang mamangha pa rin si Iska sa kasintahan. Hindi siya makapaniwalang sila talaga. Mag-iisang buwan pa lang sila, pero parang *forever* na ang *feeling*. Sa totoo lang, hindi ito alam ng Mommy Jo niya at ng mga tiyahin niya. Hindi rin alam ng lola niya. Ayaw niya ring sabihin kasi baka pagalitan siya. Buti na lang, hindi siya inuusisa ng mga ito hangga’t mataas ang grado niya.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 52 11/20/2024 8:06:28 AM

Naging malapit si Joshua kay Iska nang maging magka-partner sila sa isang *Performance Task* sa Filipino. *Performance Task* ang pinakamahalagang *requirement* sa lahat ng *subject*. Kumbaga, halos kalahating porsiyento ito ng kabuuang marka nila. Madali lang naman ang gagawin. Kailangan nilang sumulat ng pagsusuri tungkol sa aklat na ipinabasa sa kanila. Kaya namang gawin ito ni Iska nang mag-isa, pero kailangan niyang makisama sa kaniyang *partner*.

Pakiramdam ni Iska, *soulmate* talaga sila ni Joshua. Paborito niya ang Filipino. Samantalang si Joshua, hindi. Ingles ang nakasanayan niya. Kaya naman, tinulungan siya ni Iska sa pag-intindi ng binabasa sa aklat. Ang problema, alas-dos ang tapos ng klase ni Iska. Pareho lang naman sana sila ni Joshua, kaya lang, may *basketball practice* pa ang binata hanggang alas-kuwatro ng hapon. Walang *choice* si Iska kundi ang hintayin ang ka-partner niya.

Sabay nilang binasa at inintindi ang aklat pagkatapos ng *basketball training* ni Joshua. Kinikilig si Iska tuwing makikita ang pawisang Joshua pagkatapos ng isang napakahabang *basketball training*.

Ayos lang sa kaniya na maghintay ng hanggang alas-singko para sa binata. Kaya lang, kontra ang *best friend* niyang si Jane rito. Bakit ba raw siya nagpapakamartir maghintay? Bakit raw ba siya ang dapat mag-adjust sa *schedule* ng *partner* niya? Dapat nga, siya ang hinahabol ni Joshua para matapos ang *project* nila.

Nagkibit-balikat lang si Iska noon. Deadma lang. Hindi niya pinatulan si Jane. Mas mahalaga ang *school requirement* kaysa sa galit ng *best friend* niya sa kaniya. Kahit pa ilang ulit sabihin ng *best friend* niya na iwan at layuan na lang si Joshua, ayaw ni Iska. *Love is sacrifice* ang motto niya sa buhay.

Huminto sina Iska at Joshua sa tapat ng *classroom* nila at naghintay sa hudyat ni Bb. Masangkay kung pwede na silang pumasok. Nang sumenyas na ang guro, pumasok ang dalawa at umupo sa pinakadulo ng *classroom*.

Sa tabi ng *teacher's table* na nasa tapat ng pisara, kasama ni Bb. Masangkay ang dalawang matandang nagsukat ng toga nila noong nakaraang linggo. Kuba ang postura ng matandang babae. Morena ito at kita naman sa balat ang pagkakulubot at iba pang *signs of aging*. Maaalala mo si Ai-Ai Delas Alas sa korte ng mukha nito. Malapad rin ang noo at may kanipisan na ang mahabang puting buhok. Samantala, ang kasama naman nito ay mukhang nasa treinta na hindi pa *decided* sa gustong gawin sa mundo kaya sumama na lang sa kaniyang lola sa lahat ng gagawin nito.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 53 11/20/2024 8:06:28 AM

Ito ang tagasalansan ng mga toga na ibinibigay sa matanda. Nakasuot sila ng parehong itim na T-shirt, at dito nakaimprenta na sila ay nagtatrabaho sa isang patahian sa Antipolo.

Isa-isang tinawag ang mga kaklase nina Iska. Ayon ito sa pagkakasunod ng kanilang apelyido. Pagkatapos makuha ang toga, pinapayagan na silang umuwi ni Bb. Masangkay. Ito at ang kanilang *invitation* lang talaga ang sadya nila para sa araw na ito. *Late* na raw kasi nagawa ng patahian ang mga toga dahil sa personal na kadahilanan. Mabuti at natapos bago ang *graduation*.

Sa last row ng *classroom* nila, walang ibang ginawa si Joshua kundi ang mag-scroll ng kaniyang *newsfeed* sa StalkMe *account* nito. Ito ang bagong *social media platform* na mas ginagamit sa kasalukuyan. Hindi na sila nag-usap nang pumasok sila sa *classroom*. Inintindi na lang ni Iska ang *boyfriend*. Baka naman kasi sa *social media account* nakukuha ng kasintahan ang *validation* sa buhay. Ang mahalaga, magkasama sila ngayon.

Sinubukang mag-open ni Iska ng *topic* pero *busy* ang *boyfriend* sa pagbabasa ng mensahe sa *account* nito. Si Joshua iyong taong nagbibilang ng *likes* at *hearts* tuwing nagpo-post siya ng *selfie* sa *platform* na ito. Minsan na rin siyang nag-post ng *video* ng sarili niya habang kumakanta. Pinaka-proud *moment* niya iyon dahil umabot sa 300 *views* ang *video*.

Bakit parang kahit ang lapit lang ni Joshua, pakiramdam niya, napakalayo nito? Hindi pa nga sila umaabot ng *monthsary*, pero ang lamig na nito sa kaniya. Ngayon lang uli sila nagkausap nang matagal. Kung hindi pa siya nahimatay at nadala sa *clinic*, hindi pa sila magsasabay pabalik sa *classroom*.

Hindi nagtagal, tinawag rin ang apelyido ni Iska.

"Dipasupil," tawag ni Bb. Masangkay.

Tumayo at lumapit si Iska sa *adviser*.

Yumuko naman ang matanda upang kunin sa malaki nilang supot ang toga nito. "Apelyido?" pagtatanong muli ng matanda.

"Dipasupil, Francesca po," magalang na sagot ni Iska.

Tumango ang matanda na tila nag-isip. "Dipasupil." Huminto ito sandali upang tingnan si Iska mula ulo hanggang paa. "Mga taga-Antipolo ang Dipasupil, tama ba?"

Kunot-noong sumagot si Iska, "Paano n'yo po nalaman?" Hindi naman siya palakaibigan.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 54 11/20/2024 8:06:28 AM

Ngumiti lang ang *adviser* ni Iska. Akala niya magkakilala o magkamag-anak ang dalawa. Sinuri na lang nito kung walang sira ang toga nina Iska bago iabot sa kaniya.

"Francesca Dipasupil, maraming mangyayari sa ikalabing-anim mong kaarawan."

Naiilang na ngumiti si Iska. "Paano n'yo ho nalaman ang *birthday* ko?" Kung si Bb. Masangkay ang magsasabi nito, maniniwala siya. May *record* ang *adviser* niya ng *birthday* ng buong klase. Pero paanong malalaman naman ito ng matanda. *First time* lang nilang magkita.

"Maraming mangyayari," dugtong pa ng matanda. Hindi na malinaw ang sinabi ng matanda dahil tinawag na ng *adviser* niya ang susunod na kukuha ng toga. "Mag-iingat ka lagi."

*Mangyayari? Ano namang puwedeng mangyari?* Ito lang ang tanging tanong ni Iska.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 55 11/20/2024 8:06:28 AM